

1

I rolled my eyes for the hundredth time now, or at least, that's what I thought. It's a cold Sunday night and instead of snuggling on my bed and relishing the last night of the summer break, here I am sitting inside Lyron's car, sporting a red dress and a pair of red deadly heeled shoes. Nasa loob ng isang restaurant si Lyron kasama ang isang magandang babae. I could see every move they make from here without them—or her, seeing me, thanks to the tinted window of his car.

His left hand held hers before scratching the back of his neck with his right. I heaved a sigh. That must be the signal. Dali-dali akong bumaba ng kotse at naglakad papasok ng restaurant habang inaayos ang damit kong nagusot na sa kahihintay. Nang tingnan ko ang wristwatch ko ay mag-a-alas-nueve na. Ibig sabihin ay halos dalawang oras din akong naghintay sa loob ng kotse niya.

Nakaupo sila sa pinakadulong upuan, malapit sa isang malaking painting na hugis-puso. Every inch of the place insinuates a picture perfect night for a proposal, but here I am getting ready to do the opposite. Because tonight, we're breaking a heart instead.

Habang papalapit ay naririnig ko na ang mahinang hikbi ng babae. I felt sorry for her.

“What did I do wrong? Just... just tell me, please. Don't do this,” she begged, her face a picture of agony and pain.

“It's not you, it's me,” sagot naman ni Lyron. Naitirik ko na lang ang mga mata ko. Wala na ba siyang maisip na linyang hindi ganoon kagasgas na?

“I thought... I thought you’re going with me?”

“I can’t—”

Hindi ko na pinatapos pa si Lyron. Mabilis akong naglakad palapit sa kanila. “Oh, I don’t think so.”

Lumipad sa akin ang tingin ng babae. “Who are you?” Sa isang iglap ay nag-iba ang ekspresyon niya. She looked like a kitten left on the side of the road a while ago, but now, she looked like someone who could kill using a fork.

“Celine, what are you doing here?” tanong ni Lyron. Celine? Saang sulok ng mundo niya nakuha ang pangalang ‘Celine’?

“Ako dapat ang nagtatanong sa ’yo niyan. What the hell are you doing here with this girl?”

“Let me explain,” kunwari ay natataranta niyang giit.

“May gana ka pang hingin sa akin ’yan? Of all people, ikaw pa ang manloloko sa akin?” bulyaw ko. Nang tingnan ko ang mukha ng babae ay pulang-pula na ito dahil sa pinaghalong galit at hiya.

“Who is she?!” bulyaw nito.

Bumaling si Lyron sa kasalo sa table at hinawakan ako sa baywang. “She’s my fiancée.”

“She’s your what?!” Napapikit ako dahil sa biglaan nitong pagsigaw. Masisira ang eardrums ko sa babaeng ito.

Nag-unahan sa pagtulo ang luha ng babae. She must be really in love with him to cry like this.

“I’m sorry, Anabelle. Mali ’to. I can’t leave her. I love her and she’s pregnant.”

Napalingon ako sa kanya. Sandali, hindi ito kasama sa usapan namin! Am I that fat to pass as a pregnant fiancée of a man-whore?

Bago pa man ako makapagreklamo ay dumapo na sa pisngi ni Lyron ang isang malakas na sampal mula sa babaeng tinawag

niyang 'Anabelle'. And then she ran away crying.

"Thanks," he said, touching his cheek. Namumula na ito dahil sa malakas na sampal ng babaeng iyon.

Bumalik na kami sa kotse at mabilis kong hinubad ang sapatos na kanina ko pa suot. I bet he stole this from his mom. Wala akong ganito kataas na sapatos kahit na eighteen na ako.

I handed him an ice pack. Nagtataakang tiningnan niya ako. "What? Naghanda lang ako. Alam kong masasampal ka talaga tonight. Hiwalayan mo ba naman ang babaeng mahal na mahal ka."

"I met her two days ago."

Naiwang nakabitin sa ere ang mga kamay ko. "Two days ago? At iniyakan ka niya? Wow! Love at first sight ba?"

"Inaya ko lang naman siyang lumabas 'tapos nag-assume na siya kaagad. Sinabi niya sa 'king ipapakilala niya ako sa parents niya," kunot-noo niyang giit.

Natawa ako hindi dahil sa sinabi niya kundi dahil sa tono ng kanyang pagsasalita. He sounded like he'd go mad if he hadn't break up with her.

"You told her I'm pregnant," I said, wrinkling my nose.

"You should be thankful. Your baby has a handsome and dashing father," he responded jokingly.

"Magpasalamat ka't wala akong dalang baril at baka nakabulagta ka na ngayon. Hindi kasama 'yun sa script natin!" angil ko naman.

Tumawa lang si Lyron habang itinatabi ang kanyang sasakyan. Bumaba ako ng kotse at iika-ikang naglakad papunta sa gate ng bahay namin. It's already nine p.m. and I bet hinahanap na ako nina Mommy at Daddy. I had to help Lyron, my best friend, to break free from his overly-attached girlfriend's grasp.

“Next time ulit,” he said, grinning.

“Ha? Ilang babae pa ba ang kailangan mong hiwalayan?”

He chuckled. “Good night, Sab!”

I rolled my eyes. “Yeah, good night. And good luck on your swollen cheek!”



Nagising ako sa pakiramdam na may yumuyugyog sa akin. Ramdam ko pa ang bigat ng mga talukap ko, kaya sa halip na imulat ang aking mga mata ay mas lalo ko pang ibinaon ang ulo ko sa unan. Gusto nang bumangon ng isip ko, pero ayaw makisama ng buo kong katawan.

“Wake up!” she bawled.

Gumalaw lang ako nang kaunti. “Five more minutes.”

Tumihaya ako bago tiningnan ang pinsan kong halatang pikon na sa kakagising sa akin. “Maaga pa naman, eh...” reklamo ko.

“Sigurado ka?” tanong niya. Mabilis na lumipad sa bintana ang tingin ko. Mataas na ang araw. I looked at her, eyes wide open.

“A-anong oras na?”

Kinuha niya ang alarm clock at itinapat iyon sa mukha ko. At nang makita ko ang oras ay halos talunin ko ang distansya ng kama ko at ng shower. I’m running late!

I fixed my wavy brown hair, mentally scolding myself at the same time. Maging ang paligid ng mga mata ko ay nangingitim nang bahagya. Napagod ako sa lakad namin ni Lyron kagabi at nakalimutan ko pang i-set ang alarm clock ko. Hindi ko rin masisisi ang pinsan ko dahil hindi niya naman trabaho ang gisingin ako. Pinsan ko siya, hindi yaya.

“Morning, Mom.” I kissed her on the cheek before picking a slice of bread. “Sa school na po ako kakain. I need to go at baka

mahuli na ako sa assembly.”

“You can’t skip breakfast, you know that.”

“I won’t. Kakain ako sa school, promise. You can call Lyron to make sure I will. Pakisabi na lang kay Dad na nauna na po ako. ’Bye, Mom!”

Sumunod siya sa akin hanggang sa garahe. “Mag-iingat ka, Anak.”

I waved goodbye before hurriedly jumping into the car. Laking pasalamat ko nang mabilis naman kaming nakalusot sa traffic at isang liko na lamang ay darating na kami sa school. Hindi pa man nakakapag-park si Manong Tino ay handa na akong tumalon pababa ng sasakyan.

“Ma’am, ingat po. Baka mahulog kayo,” nag-aalalang sabi niya. Nginitian ko lang siya. Nagmamadaling bumaba ako at nagpaalam sa kanya. I know this would be one hell of a school year and more than anyone, I should be ready to face it. Because I am Sabrina Lautner, and I am the USC president.

“Good morning,” nakangiti kong bati sa guwardya. Gumanti naman siya ng bati. Nakita ko pang may nakatayong estudyante sa gilid niya. Ipupusta ko ang dalawang buwan kong allowance, wala siyang dalang ID. Nakangiting bumaling ako sa kanya. “Magandang umaga.”

He smiled back. “Mas maganda ka sa umaga, Prez.”

Ngumiti ako nang bahagya. “Thanks! Pero kahit mas maganda ako sa umaga, hindi ka pa rin makakapasok dahil hindi ID ang ganda ko, so I suggest you just stay there until your driver comes back. By the way, nice hair.” Hindi ko na hinintay pang sumagot siya. Tuluyan na akong pumasok at nahagip pa ng mga mata ko ang pagpipigil ng tawa ng guwardya.

Dumerecho ako sa auditorium pero bigla na lamang nahagip ng mga mata ko ang isang babaeng estudyante na basta na lamang nagtapon ng basura sa isang gilid. Tumikhim ako ngunit

hindi siya nag-atubiling pulutin iyon. My second guess? A freshman student.

“Excuse me, you with the green bag and tousled hair.” Kinalabit siya ng isa niyang kasama, dahilan para humarap siya sa akin na nakataas ang isang kilay. Hindi ko na hinintay pang tarayan niya ako. “Kung may plano kang mag-tryout sa basketball team, huwag ang basura mo ang pagpraktisan mo,” nakangiti at malumanay kong sabi. “The gym’s just over there.” If other people were gifted with bizarre abilities, I was born with the talent of delivering sarcasm like a pro. Marahil ay napansin niya ang USC band na nasa kanan kong braso, kaya parang natauhang pinulot niya ang kanyang basura. “Thanks!” I said before passing by her.

Ilang pasaway na estudyante pa ang nakasalubong ko bago ako nakarating sa auditorium, kaya pakiramdam ko ay naubos na lahat ng energy ko hindi pa man ako nakakaakyat ng stage.

“Ah, I’m so sleepy...” Sumandal ako sa upuan. Mamaya pa naman ang general assembly, kaya puwede pa akong magpahinga.

Nakasandal lang ako roon nang biglang may kumalabit sa akin. Napatalon ako habang sapu-sapo ang dibdib ko. I was about to beat the hell out of whoever did it when I found out it was my ‘mighty’ best friend, Lyron. I glared at him.

“Ba’t ka ba nanggugulat?” asik ko.

Imbis na masindak ay tumawa pa siya. Inabutan niya ako ng bottled water. “You look like you were dumped,” he said, his black orbs mirroring amusement.

“Hah! Says someone who drags his best friend on an acting skit to break up with an obsessed girlfriend,” nakataas ang kilay kong tugon.

He laughed. I rolled my eyes.

If other girls find comfort in hanging out with their

girlfriends, I find all the comforting I need plus a little bit of headache from my guy best friend, Lyron de Guzman. Magkasabay kaming lumaki, so we're basically friends since birth. I know him like the back of my hand. Kaya nga pati sa pakikipaghiwalay sa girlfriends niya ay nasa VIP seat ako.

"You don't have to stare at me, alam kong guwapo ako," he said, grinning from ear to ear.

I smirked. "Who told you I'm staring at you? Glaring and staring are two different words, Mister, in case you don't know."

Biglang umingay ang cafeteria. Hindi ko na kailangan pang lumungon dahil alam ko kung sino ang nandiyan. Nang may tumigil sa tapat ko at walang kagatul-gatol na hinampas ako sa balik at nakumpirma ko ang hinala ko. My girl best friend, Pauline, has risen from the dead! She is a tall girl with dark hair, brown eyes and a voice that could wake a whole town when she speaks.

Pagkaupo pa lang niya ay nagsimula na siyang magsalita. Nagkuwento siya tungkol sa isang daan at kalahating sports events na nasalihan niya habang bored na bored na kumakain si Lyron. Ako naman ay nilalaru-laro lang ang bote ng mineral water na nangangalahati na ang laman.

"I have a feeling you'll meet the love of your life this year," Pauline suddenly said.

Nasamid ako bigla sa narinig mula sa kanya. Mabilis na hinagod ni Pauline ang likod ko habang ang walang-kuwentang Lyron ay mas pinili pang pagtawanan ako kaysa tumulong. Ganoon na ba kaimposibleng magka-boyfriend ako at sobra siyang natawa?

Nang bumalik na sa ayos ang paghinga ko ay nakakunot ang noong humarap ako sa aking kaibigang babae. "And I have a feeling I'll die early if you keep on talking about that,"

Tumawa siya. "Hindi ka pa puwedeng mamatay, 'oy.



Subukan mo namang magka-boyfriend kahit isa lang bago ka maghanap ng space sa sementeryo. Ikaw rin.”

Binigyan ko ng masamang tingin si Pauline pero nagkibit-balikat lang siya. Nagpaalam ako para pumunta sa comfort room. It was the safest escape I could think of right now. Hindi na dapat ako tutuloy sa banyo, pero habang naglalakad ako ay nakatingin sa akin ang halos lahat ng mga estudyanteng nakakasalubong ko. That’s awkward! You don’t want people staring at you for no apparent reason, do you?

Goosebumps. Iyan ang naramdaman ko sa sinabi ni Pauline. Kahit naman sabihin niya iyon, alam kong hindi siya manghuhula. It’s not like someone could just appear and introduce himself as the love of my life because Pauline said so.

I stood in front of the huge mirror, staring at my reflection. Habang nakatitig doon ay di ko napigilang mapangiti. Magtatatlong taon na rin naman ako sa university na rito, pero wala pang insidenteng nakaubos ng pasensya ko. Oo, may iilang estudyanteng pinalaki sa layaw at masasama ang ugali, but it’s nothing I couldn’t handle.

Papasok na sana ako sa isa sa mga cubicles doon nang biglang may pumasok sa ladies’ room. Hindi iyon ang nagpatigagal sa akin kundi ang realisasyong hindi babae ang pumasok. It’s a guy!

2

Napaawang ang bibig ko dahil sa pagkabigla. Bulag ba ang lalaking ito at hindi niya nakita ang sign sa labas, o talagang sinadya niyang pumasok? Nang maisip ko ang ikalawang posibilidad ay binundol ng kaba ang dibdib ko. Mas lalo akong naalarma nang mahinuha kong walang ibang tao sa loob maliban sa aming dalawa. This guy might be a pervert!

“Shh... quiet,” sabi niya. But hell, that won’t be enough to shut me up! Hindi ako tanga para sumunod na lang nang basta-basta sa kanya.

“At bakit ko gagawin ’yon ab—Hmph!” Bigla niyang tinakpan ang bibig ko gamit ang kamay niya at isinandal ako sa dingding ng comfort room.

“I said, please keep quiet. Baka makita nila ako,” he said against my ear.

Nakarinig ako ng mga boses mula sa labas. “Hindi iyon papasok rito. Tara, d’un sa kabila!”

Nagtaka ako; hinahabol siya ng kung sinuman ang mga iyon?

Unti-unti niya akong binitawan at sumandal sa dingding na katapat ng sinasandalan ko. Nanlalaki ang mga mata ko habang nakatingin sa kanya. He was looking at the wall right beside where I stood. He was tall and lean. Even his dark messy hair made him look more deviously appealing.

He chuckled. “Are you done checking me out?”

I gasped. Aba, antipatiko to the nth level! “Bakit ka pumasok rito?!”

“I had no choice,” he replied.

Nabigla ako dahil hinawakan niya ang knob ng pinto at akmang bubuksan na iyon. “Hep, hep! Saan ka pupunta?” nakapamaywang kong tanong.

“May nakalimutan ba ako?”

Halos umusok na ako sa inis. “Sumama ka sa akin.” Malapit lang ang guidance office mula roon.

“I’ll take you out next time,” he said, looking at his wristwatch. “Tick tock.”

“Aba! Ang kapal—”

Lumabas siya kaya mabilis akong sumunod. Gayon na lamang ang pagkabigla ko nang tumigil siyang muli at humarap sa akin. Kinuha niya ang kanyang wallet sa bulsa at hinawakan ang isa kong kamay. I’m not stupid to not know that he handed me money. Binigyan ko siya ng nakakapasong tingin, but he only gave me a blank stare. Kung nakakamatay lang ang titig ay kanina pa sana siya natumba sa harapan ko.

“Kung akala mo ay masusuhulan mo ako, puwes, magdalawang-isip ka na!”

Umangat ang kamay niya sa balikat ko, dahilan para manigas ang buo kong katawan. Pagkatapos ay may inabot siya uli sa akin. Price tag? “You’re for sale.”

Napaawang nang bahagya ang bibig ko, sabay tingin sa price tag na nasa kamay ko. Saan ito galing?

Sa halip na tuluyang umalis ay lalo pa siyang lumapit sa akin. Gahibla na lamang ang layo namin sa isa’t isa. “Get away from me. Hindi ka nakakaintindi ng English? Sige, Tatagalugin ko. Lumayo ka!”

“You have a cute birthmark.” His eyes fixed on my chin.

Napabuga ako ng hangin. I’ve had enough. This guy deserved a dose of his own medicine. I took a step back before

faking a smile. “You’ll take me out? When?”

Ngumiti siya. “Soon.”

“Okay,” sagot ko. Inilahad ko ang isa kong kamay. “I’m Sabrina and you are...?”

“I’m Se—”

I do not care what his name is. Pagkalapat ng kamay niya sa kamay ko ay mabilis ko siyang hinila at ginawa ang kanina ko pa gustong gawin sa kanya. I punched him hard in the face. “Nice meeting you.”



Maagang natapos ang klase ko, kaya buong hapon akong nasa bahay lang. At sa buong hapon itinigil ko roon ay hindi maalis-alis sa isip ko ang antipatikong bastos na lalaking iyon. Kung pakiramdam niya ang sasambahin ko siya, aba, manigas siya.

“Sabrina...”

“H-ha?” Kanina pa ba ako kinakausap ni Mommy?

“Hindi ka nakikinig sa akin. Ang mas malala ay nagsasalita ka nang walang kausap. Ano’ng nangyari sa ’yo?”

“W-wala po,” tanggi ko.

“Rash,” tawag ni Dad mula sa itaas. “Remember the shirt you wore the first time we met?”

“Bakit?” takang tanong ni Mommy.

“Nakita ko kanina sa may drawer.” Dad was smiling widely at her while she sat in front of me looking like a tomato. She only gets this flushed when she receives a compliment from him or if she remembers an embarrassing thing from the past. I’m pretty sure what he just said wasn’t a compliment so it must be the latter.

“Ano’ng meron?” tanong ko.

“Stop it, Dylan!” babala ni Mommy.

Tumayo ako, sabay pulot ng baso na may lamang orange juice at parang imbestigador na naglakad nang pabalik-balik.

“Hmm... let me guess, 'yung una n'yo sigurong pagkikita ay sobrang romantic at nakakakilig, 'no? Ikuwento n'yo na kasi...” pangungulit ko.

Dad smiled before nudging my mother's shoulder. Matagal na rin nang huli kong makita ang pagkapilyo ni Daddy.

“Gusto ko na sana ang first meeting namin ng magiging asawa ko ay gan'un rin,” I said dreamily staring at the ceiling.

“Sigurado ka?” nagpipigil ng tawa nilang tanong.

Tumango ako. May nakakatawa ba sa sinabi ko?

“Well, this may sound crazy but I met your mom in an odd place,” he started. Sa wakas, magkukuwento na sila! “I met Rash at—”

“A restaurant?” putol ko.

“No, at—”

“The mall?” I guessed once more.

“No.”

“Saan ba? You met Mom at...”

“The CR.”

Naibuga ko bigla ang iniinom kong juice. Napatayo silang dalawa at mabilis na hinimas ang likod ko. “Okay ka lang?” tanong nila.

“W-what do you mean, Dad?” habol ang hiningang tanong ko.

“Yeah, I met her at the CR,” said Dad. “So? Do you still want to meet your future love the way I did?” he asked, obviously suppressing his laugh.

Matagal ko nang naririnig ang mga kuwento ng mga aunties ko kung gaano hindi inaasahan ang unang pagkikita ng mga magulang ko, pero kailanman ay hindi ako naniwala sa mga

sinasabi nila na una silang nagkita sa comfort room. Pero ngayong narinig ko na mismo mula sa mga magulang ko ang kuwento ay hindi ko mapigilang mabigla.

“That’s ridiculous! Sino’ng lalaki ang magtatangkang pumasok sa CR ng babae...” My voice trailed off. Napatitig ako sa kawalan habang parang ulang bumuhos sa gunita ko ang mga pangyayari kanina sa school. “Ah, kailangan ko nga palang puntahan si Lyron... and... and Pauline, too.”

“Sabby...”

I froze and felt my heart pounding like crazy. Unti-unti akong lumingon. “Y-yes, Mom?”

“Wala ka naman sigurong nakitang lalaki sa CR, ’no?” Nanigas bigla ang mga tuhod ko. O tadhana, bakit ganyan ka kalupit sa akin?

“Sabby?”

Napaigtad ako. “Ha? W-wala po! Syempre wala.” I forced a laugh. “Sige po! Alis na ako. I love you!” Hindi ko na hinintay pa ang sagot nila. Dali-dali akong sumakay ng kotse at isinara ang pinto nito. Kinuha ko ang maliit na kahon na nakalagay sa pinakatagong parte ng bag ko. That’s where I kept the money that jerk gave me yesterday. “You’re going to pay for this...”

No one pisses off Sabrina Lautner and gets away with it unscathed.



“Sabby, nahihilo na ako sa ’yo.”

Napatigil ako sa paglalakad nang pabalik-balik sa office ng USC. Humarap ako sa direksyon ng lalaking prenteng nakaupo sa president’s seat kaharap ang isang malaking lamesa na may pangalang nakasulat: *Sabrina Lautner, USC President*.

“Eh, ano ngayon?” nakataas ang isang kilay kong tanong. “Tabi, d’un ka sa sofa.”

Tumawa lang siya. "Meron ka?"

"Ikaw ba naman ang makakita ng lalaki sa loob ng—Ah, never mind." I slouched back on my chair.

Kumunot ang noo ni Lyron. "Anong lalaki?"

"Wala!"

He smirked. "You met a guy?"

Binato ko siya ng notebook pero nakailag siya. "Isa pa, Lyron! Isusumbong ko talaga kay Tita ang sinabi mong buntis ako para lang makawala ka sa overly-attached mong girlfriend! Tingnan natin kung ilang linggong walang laman 'yang debit card mo."

Itinaas niya ang dalawa niyang kamay bilang tanda ng pagsuko. I made a face. "Good boy. Ngayon, samahan mo na lang ako."

"You're the boss," naghihikab niyang sagot.

Isinama ko si Lyron sa open ground kung saan iga-gather ang mga estudyante.

Umakyat ako ng stage habang siya ay naghihikab pa rin na nagpaiwan sa ibaba. Maghahanap daw siya ng matutulugan. Tsk. I don't understand how he tops almost all the exams when he actually sleeps all the freaking time!

"Good morning," I greeted them with a warm smile.

"Kamusta kayo so far?"

Nasa kalagitnaan na ako ng speech nang umakyat sa stage si CJ, ang vice president ng USC.

"May bagong car po na nag-park sa may central ground," bulong niya.

Sa may central ground.

Sa gitna ng school? Saan ka nakakita ng sasakyang pina-park sa gitna ng school?

Huminga ako nang malalim. I can't lose temper here. Hindi

sa harap ng lahat ng mga estudyante at baka isipin nilang halimaw ako.

“Salamat,” I said with a smile.

Pagkababa niya ay humarap akong muli sa mga estudyanteng takang nakatingin sa akin. “Kung sino ang may-ari ng kotseng naka-park ngayon sa may central ground, kindly park your car in the school’s parking lot,” mahinahon kong sabi.

Ni isa ay walang sumagot. Don’t tell me, walang driver ang kotseng iyon?

“I repeat, kung sino ang may-ari ng kotseng naka-park ngayon sa may central ground, kindly park your car in the school’s parking lot.”

Katahimikan muli. Halos makarinig na nga ako ng mga kulisap.

I closed my eyes, convincing myself that I was pushed to my limits and what I was about to do is not my fault to any further extent. “Get your car out of the central ground, or else—”

“Or else what, Merchy?”

Napalingon ang lahat. There stood a guy with a messy black hair and a partly opened uniform, sending bolts of stroppy air in the whole auditorium.

“You...” I balled my hands into a fist. Hindi ba pa sapat ang suntok na ibinigay ko sa kanya kahapon at gusto niya pang masuntok muli sa harap ng buong student body ngayon?

3



“Excuse me, but what did you call me?” I asked, trying to keep my calm.

Ang pinakahuli kong gugustuhing mangyari ay ang magmukhang inahing manok sa harap ng napakaraming tao.

“Merchy,” he replied.

“Pasensya na pero hindi ‘Merchy’ ang pangalan ko,” nagpipigil ng inis kong sabi.

“You were the girl I met yesterday, right? We talked inside the—” Mabilis akong nakatakbo para takpan ang bibig niya. Halata ang pagkabigla sa mga mukha ng mga estudyante, and hell, I saw Lyron with a lopsided grin.

May pakiramdam akong alam na niya kung sino ang kinaiinisan ko kanina.

Tumikhim ako. “I’m very sorry, but it seems like we have a situation here. I’ll be leaving you to the vice-president while I take care of this.” Hinila ko papunta sa backstage ang lalaking pinaglihi yata sa parrot sa sobrang daldal.

Napabuga ako ng hangin dahil sa inis at frustration.

I need to control my temper. Mukhang bagong salta ang demonyitong apo sa tuhod ni Satanas sa school.

“I know you’re a transferee and you may not know the rules so I believe kailangan mo lang na pumunta ng counselor’s office. Please get your car out of the central ground. May parking lot naman kasi—” Napatigil ako dahil nang paglingon ko, wala na sa kaninang puwesto niya ang binata.

“Looking for me?”

Napaharap naman ako sa kabilang direksyon, dahilan para tumama ang ilong ko sa dibdib niya. “What the—” Sapu-sapo ang ilong na umatras ako. “Alam mo, inuubos mo talaga ang pasensya ko. Kaya pasensya na pero ako na mismo ang magdadala sa ‘yo d’un.”

At nagpunta nga kami sa Guidance Office.

“What brings you here, Miss Lautner?”

“Kanya po ‘yong kotseng naka-park sa central ground,” sagot ko. Bumaling sa kanya ang guidance counselor.

Inis na inis akong nakaupo sa sofa habang nakikipag-usap si Ma’am Divina sa kanya.

Panay ang hinga ko nang malalim dahil ang sarap na niyang sugurin ng saksak gamit ang ballpen. Hindi ako pinalaking bayolente ng mga magulang ko, pero pagdating sa lalaking ito ay napakabilis maubos ng pasensya ko.

“Since this is your first offense, you would have to do something. But please, Hijo, be aware of the school rules. As a student here, dapat matuto kang sumunod. ‘Wag mo na ‘tong uulitin pa at baka ma-expel ka na.”

I am pissed off. I am so pissed off!

May inabot na papel sa kanya si Ma’am Divina. Hula ko ay maglilinis siya sa isa sa mga kuwarto sa main building. Sa isang tingin ay makikita na kaagad na hindi siya sanay sa mga gawain. He actually looks like he grew up extremely pampered.

Pero wala akong planong maawa sa kanya. And I’m certain his arrogance won’t clean that room for him.

Nang tanggapin niya ang papel na iyon ay alam kong panalo na ako.

He was clearly barking at the wrong tree, and now, he has to deal with the repercussions. At ang suntok na ibinigay ko sa kanya kahapon ang isa roon.

Tatayo na sana ako nang bigla siyang magsalita. “I’ll do this.”

Talagang kailangan niya iyang gawin. Ano ang feeling niya? May choice siya?

“If she comes with me,” patuloy ng lalaki. Napaturo ako sa sarili ko.

“Why is that?” tanong ni Ma’am Divina.

“She’s the reason why I’m here.”

“Excuse me?” Hindi ko napigilang magtaas ng boses nang dahil sa inis. “Aba, kailan pa naging akin ang kotse mo’t nagawa ko siyang i-park sa gitna ng school? Excuse me, Sir, I don’t drive!”

“How would you know if I’ll be really doing it if no one would check?” he asked.

“Okay, you go with him, Miss Lautner. Tatal, transferee rin siya, baka di niya pa kabisado ang lugar,” utos ng guidance counselor.

Bumagsak ang mga balikat ko. Bakit ang malas-malas ko?

Tumindig ang lalaki mula sa prenteng pagkakaupo kanina at naglakad palapit sa akin.

He lowered his face and met my eyes. “You can thank me later, Merchy.”



I sat before him, unceasingly tapping the floor with my shoe. Tatlong oras na akong nakaupo rito, pero hindi pa rin siya tapos.

Bakit? Kasi wala pa siyang nasisisimulan.

“Excuse me, pero hindi ang pagsandal sa dingding ang ipinunta mo rito. Alalahanin mong may violation ka,” I said.

Tumingin siya sa wristwatch niya at naglakad palapit sa akin. Hindi ako nagpatinag. I stood still. Kung may dapat mang

matakot sa aming dalawa ay siya iyon.

Nasa harap ko na siya. He extended his arms which made me think he might harm me.

Besides, kaming dalawa lang ang nandito and this room is too far from where students usually hang out.

Handa na akong gamitin ang mga natutunan ko sa karate lessons ko sa oras na hawakan niya ako pero hindi niya ginawa. Lumington ako and saw him holding one of the trophies our school won in a swimming competition.

“Maglilinis ka ba o magsa-sightseeing? Sinasayang mo ang oras ko.”

Hawak-hawak pa rin niya ang trophy, pero ngayon ay may hawak na siyang brush. Kailangan pa palang insultuhin para lang gumawa.

Humalukipkip ako sa isang gilid at kinuha ang cellphone ko. Listening to music is better than wasting my time talking to him.

Ilang sandali ko rin siyang pinagmasdan habang naglilinis siya ng mga trophies bago ako nagdesisyong umupo na lamang sa sofa.

Bored na bored na ako sa kapapanood sa kanya, kaya ipinikit ko ang mga mata ko hanggang sa unti-unti akong hilahin ng antok.

Mayamaya pa’y unti-unti kong iminulat ang mga mata ko. Ano iyong parang kumikiskis sa uniform ko? Gumalaw ako at magkasalubong ang mga kilay na tiningnan kung ano iyon at halos mahulog ako sa sofa nang matuklasan ko ang pinagmumulan niyon.

“What the—” Bumalikwas ako nang bangon at mabilis na lumayo sa sofa. “Bakit mo ’ko bina-brush-an?!”

“Ikaw pala ’yan, akala ko kasi, artifact.”

“Pakiulit nga ng sinabi mo?!” I shoved him away. “Alam mo, hindi ko na talaga alam kung ano’ng problema mo sa ’kin, bigla kang papasok sa CR ng girls at manggugulo.” Kinuha ko ang wallet ko. “What’s this?! Bakit mo ’ko binigyan ng pera?” Inilapag ko sa table sa harapan niya ang pera at galit na tiningnan siya.

“Keep it,” he said.

“As far as I can remember, hindi ko ’to hiningi sa ’yo.”

“Didn’t you?” he responded. “Aren’t you the one who decided to walk around the school with a price tag?” he asked, smirking.

“To hell with the price tag! Kahit na! Hindi ako gamit na binibili. Ano ba’ng kasalanan ko sa ’yo?”

Sa isang iglap ay nasa harapan ko na siya, looking straight into my eyes. “I don’t usually take back what I already gave.”

Napalunok ako. “A-ano’ng tingin mo sa akin, merchandise?”

“It depends on you, Prez. That won’t change anything, anyway.” Lumapit pa siya hanggang nakatapat na ang bibig niya sa tainga ko. “I already bought you, Merchy. And there’s no turning back on that. And what’s mine, I always keep.” Namulsa siya at walang lingon-likod na lumabas ng silid.

4

Hapung-hapong ibinagsak ko ang sign pen ko. “Saan bang sulok ng mundo nanggaling itong lahat ng documents na kailangan kong pirmahan?” How the hell am I supposed to finish this in a day?

I heard a whistle and then a voice calling me ‘ugly duckling’. I don’t even need to look up, I know his voice. “What do you want?”

“You,” he said, smiling playfully.

Napabuga ako ng hangin. “De Guzman, kung wala kang matinong sasabihin, lumayas ka na lang sa harapan ko.”

“Ouch!” he said, his forehead creased. “I’m not here to piss you off.”

“Eh, ano sa tingin mo ang tawag sa ginagawa mo ngayon?” inis kong tanong.

“Okay, I’m heading out.” Nakangising tumayo siya, sabay paalam. “Dumaan lang ako para sabihing ako ang maghahatid sa ’yo pauwi mamaya. Wala ’yung driver mo.”

Tumango lang ako. Minsan kasi ay umaalis sina Mommy at Daddy at isinasama nila si Manong Tino, kaya si Lyron ang naghahatid sa akin pauwi. Mukhang mapipilitan na naman siyang gamitin ang asul niyang *Toyota Vios* dahil ayoko sa amoy ng air-con ng isa niyang kotse. He swore to never use that car when I’m with him after I puked on the car floor.

Palabas na dapat siya ng pinto pero bigla na lamang siyang tumigil at lumingon pabalik sa akin. What I saw before him made me swear that I’ll curse this day for the rest of my life.

“Someone’s here to see you,” saad niya.

Bago pa man ako makahuma, lumabas na siya at pumasok ang pinakahuling halimaw na gusto kong makita. Yes, him. The guy I didn’t bother to know the name.

Halos umusok ang lahat ng puwedeng umusok sa inis ko. Ang dami ko na ngang kailangang atupaging papeles, dadagdag pa ang damuhong halimaw na hilaw na ito! Bumuntong-hininga ako at sa abot ng makakaya ay pinigil ang nag-uumalpas kong inis. Ang sarap niyang tadyakan sa cornea!

I faked a smile at kung hindi siya ipinaglihi sa katangahan ay mahahalata niyang peke iyon. My smile is too expensive; an arrogant guy like him can’t afford it.

Ngumiti rin siya, flashing his complete set of white teeth. Tumikhim ako. “Yes? What can I do for you?”

Naglakad siya nang hindi inaalís ang tingin sa akin. Itinukod niya ang mga siko niya sa mesa ko, his familiar playful smirk flashed yet again. “Good morning, Merchy.”

I clasped my hands together. I can’t kill him, at least, not right now. “Good morning. What can I do for you?” I don’t usually repeat my questions, kaya kung maririnig siguro ako nina Pauline at Lyron ay magpapamisa sila. I just asked this frog the same question twice!

Hindi pa rin siya sumagot. Instead, he stared at me as if I’m a cake that would disappear the instant he flickers an eyelid. I cleared my throat. “Hello?”

He smiled once more, his adorable dimple displaying itself. Hindi ko mapigilang mapatitig doon.

“Do you like cats?” tanong niya.

“Allergic ako. Bakit?”

“Never mind. You’re cuter than a cat, anyway.”

Nahulog bigla ang sign pen kong hawak dahil sa sinabi niya.

Noon merchandise, ngayon naman, pusa! Ano ang akala niya sa akin? Hayop?

Pupulutin ko na sana ang sign pen, pero naunahan niya ako sa pagpulot. "You look so busy," he said, toying with my pen.

"Oo. Kung nakikita mo, sobrang dami ko pang kailangang pirmahan kaya wala akong panahong makipagdaldalan sa 'yo ngayon," I said, hoping he'd just get the hell out of my sight. Tiningnan niya lang ako at nagpatuloy sa paglaru-laro sa sign pen ko. I took one deep breath. "Look, Mr..." my voice trailed off. "Mr..."

Sumandal siya sa upuan. "Mister?"

"Well. . ."

He grinned. "You don't know my name, do you?"

Umiwas ako ng tingin. "O-of course I do!"

"Talaga? Then I dare you to say my name now."

I stared at my table for almost forever. Ano nga ba ang pangalan niya? Pilit kong hinalukay sa memorya ko kung narinig ko na ba ang pangalan niya o nabasa man lang. Pero wala talaga.

Bumagsak ang mga balikat ko, sabay yuko.

"You don't know?" he asked once more. "I'm disappointed," sabi niya, sabay pamulsa. Inangat ko naman ang paningin ko. "At dahil diyan, kakain tayong dalawa."

Napasimangot ako. "Ano'ng kinalaman n'un sa pangalan mo?"

He smiled. "That's your consequence for not knowing my name. Now stand up."

"Excuse me, Mr. Whoever-you-are, wala kang karapatang utus-utusan ako!" paangil kong sabi.

"I'm not ordering you around, Merchy. I'm doing you a favor. Mukhang pagod na pagod ka na. Isa pa, nasa akin ang sign pen mo, you can't go on with your work without this, can you?"

Tatanggi pa sana ako nang bigla niyang hawakan ang kamay ko, sabay hila sa akin palabas.

“Bitawan mo nga ako!” angil ko. Hawak-hawak niya pa rin ang kamay ko habang papunta kami sa cafeteria. He’s practically making me the talk of the school. What a jerk!

Nakapasok na kami sa cafeteria at hinila niya ako sa isang lamesang pandalawahan, that’s when he let go of my hand.

“So, what do you want?” he asked, not minding the cold shoulder I’m giving him.

“I want you out of my sight. I can eat alone. Go find another table. D’un sa kabilang parte,” pagtataboy ko sa kanya. Hindi siya gumalaw. Sa halip ay itinaas niya ang kanyang kamay. Para mag-order. Pinulot niya ang menu. “We’ll have the star dish,” he said. Bigla akong napatingin sa kanya. He smiled at me. Nanadya ito, ah!

Ilang sandali pa ay nai-serve na sa amin ang order.

Nagsimula akong kumain. I do not care if he’s here. Manigas siya.

“Masarap ba?” tanong niya. Tumango ako. “Pagkain lang pala ang nakakapagpatahimik sa ’yo, eh,” nakangiti niyang komento.

Napatigil ako sa pagsubo at uminom ng tubig. “Salamat sa pagkain. Nawalan na ako ng gana.” Tinalikuran ko siya pagkatapos at malalaki ang hakbang na lumabas ako ng cafeteria. Ano ngayon kung tahimik ako kumain? Baboy ba ako? Hindi naman, ah!

“Stupid!” Tuloy-tuloy ang hakbang ko hanggang sa unti-unting pumatak ang malalaking butil ng ulan. Sa halip na tumigil ay mas lalo ko pang binilisan ang lakad ko. Lumakas nang lumakas ang ulan, kaya tinakpan ko ang ulo ko gamit ang isa kong kamay but that didn’t do the trick. I still got wet.

Nabigla ako nang mapansin kong tila wala nang ulan na

tumutulo sa ulo ko. Mabilis akong lumingon, only to see him standing right next to me, holding an umbrella.

“You’re too careless, you’ll get sick.”

Aalis na sana ako nang biglang hawakan niya ang braso ko. Napatingala naman ako. He is really tall. 5’4” ako pero hanggang dibdib niya lang ako.

I was stunned by the next thing he did. He slowly lowered his face until it leveled mine, his lips situated a couple of centimeters away from my ear. “Can I own a person who does not even know me?” Bago pa man siya tuluyang humiwalay sa akin ay tinanggal niya ang nakasabit na ID sa kanyang leeg at isinuot iyon sa akin. Pinahawakan niya rin sa akin ang payong. “Nice meeting you, Sabrina.”

I was left holding the umbrella with a puzzled look on my face. Parang sa akin, nakangiti ang dalawang matang nasa larawan. The same smile, the same dimple.

Hindi ko mapigilang mamangha sa ngiting iyon. And unwittingly, my eyes moved from his picture down to the couple of words located under it. I opened my phone and started writing on my digital diary. Looks like I’ll have a longer entry for July 27.